

ACTIVITY

A. Pagtugmain ang salita at larawan. Gumuhit ng linya na magdudugtong dito.



putik (mud)	bulag (blind)	mata (eyes)	batang lalaki (boy)
----------------	------------------	----------------	------------------------

B. Tama o Mali. Gumuhit ng smiley face 😊 kung ang pangungusap ay tama at sad face ☹️ kung ito ay mali.

- _____ 1. Nakilala ni Jesus ang isang lalaking ipinanganak na bulag.
- _____ 2. Nakakita na ang lalaking bulag ng mga puno at bulaklak bago niya nakilala si Jesus.
- _____ 3. Nilagyan ni Jesus ng putik ang mga tainga ng lalaki upang pagalingin siya.
- _____ 4. Sinabi ni Jesus sa lalaki na maghugas sa Paliguan ng Siloam.
- _____ 5. Pagkatapos maghugas, nakakita ang lalaki sa unang pagkakataon!
- _____ 6. Natuwa ang lahat ng tao at agad na naniwala kay Jesus.


_____7. Sinamba ng lalaki si Jesus matapos siyang pagalingin.

_____8. Mahal tayo ni Jesus at tinutulungan Niya tayo, tulad ng ginawa Niya sa lalaking bulag.

Ang pagsunod ay nagdudulot ng pagpapala. Nang sumunod ang lalaking bulag at naghugas sa Paliguan ng Siloam, siya ay gumaling. Malakas ang pananampalataya niya kay Jesus, kahit na may mga hindi naniniwala sa kanya. Tinuturo sa atin na dapat tayong magtiwala kay Jesus, sa Kanyang mga salita at sumunod ng may pananampalataya.



C. Iguhit ang mga bahagi ng mukha na kulang sa picture. Ang bawat bahagi ng ating mukha at katawan ay mula sa Diyos at dapat nating alagaan.



D. Memory Verse

Isang bagay po ang alam ko; ako'y dating bulag, subalit ngayo'y nakakakita na.

Juan 9:25b